



FAIRBANKS NORTH STAR BOROUGH SCHOOL DISTRICT

520 Fifth Avenue - Fairbanks, Alaska 99701-4756 (907) 452-2000
www.k12northstar.org



Mga Karapatan ng Magulang/Mag-aaral sa Pagtukoy, Pagsusuri, at Placement (Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973)

Mangyaring Itago Ang Paliwanag na Ito Bilang Sanggunian Sa Hinaharap

Inilalarawan ng dokumentong ito ang mga karapatang ginagawad ng pederal na batas sa mga mag-aaral na may kapansanan. Layunin ng batas na panatilihin kayong may lubos na kaalaman pagdating sa mga desisyon tungkol sa iyong anak at ipaalam sa iyo ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumasang-ayon sa alinman sa mga desisyong ito.

May karapatang kang:

1. Ipadala ang iyong anak para makilahok sa, at makatanggap ng mga benepisyo mula sa, mga programa ng pampublikong edukasyon nang walang diskriminasyong batay sa kapansanan.
2. Hilingin sa iyong distrito ng paaralan na abisuhan ka tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas.¹
3. Makatanggap ng abiso pagdating sa pagtukoy, pagsusuri, at placement ng iyong anak.
4. Tumangging magbigay ng pahintulot para sa unang pagsusuri at placement ng iyong anak.
5. Makakuha ng libre at naaangkop na edukasyon para sa iyong anak. Kabilang dito ang karapatang mabigyan ng edukasyon kasama ng mga mag-aaral na walang kapansanan sa hangganang naaangkop at makakaya. Kabilang din dito ang pagkakaloob ng libreng edukasyon o espesyal na edukasyon at mga nauugnay na tulong at serbisyo na dinisenyo para tugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral na may kapansanan sa parehong antas ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na walang kapansanan.
6. Ipadala ang iyong anak para makatanggap ng edukasyon sa mga pasilidad at makatanggap ng mga serbisyong katulad ng mga ipinagkakaloob sa mga mag-aaral na walang kapansanan.
7. Makatanggap ng mga desisyon pagdating sa pagsusuri, edukasyon, at placement na batay sa iba't ibang pinanggagalingan ng impormasyon, at gawa ng mga taong kilala ang mag-aaral, alam ang ang data ng pagsusuri, at mga opsyon sa placement.
8. Magkaroon ng edukasyon at mga nauugnay na tulong at serbisyo na ibibigay sa iyong anak nang libre, maliban na lamang sa mga singil na ipinapataw rin sa mga magulang/tagapangalaga ng mga mag-aaral na walang kapansanan.
9. Hilingin na mabigyan ang iyong anak ng pantay na pagkakataon para makilahok sa mga hindi akademiko at nasa labas ng akademikong aktibidad na inaalok ng distrito.

10. Suriin ang lahat ng nauugnay na tala na kaugnay sa mga desisyon pagdating sa pagtukoy, pagsusuri, programang pang-edukasyon, at placement ng iyong anak.
11. Makakuha ng mga kopya ng mga talang pang-edukasyon sa abot-kayang halaga, maliban na lamang kung hindi mo makukuha ang mga tala dahil sa singil na ito.
12. Makatanggap ng tugon mula sa distrito pagdating sa mga makatuwirang kahilingan para sa mga paliwanag at interpretasyon ng mga tala ng iyong anak.
13. Humiling ng pagbabago sa mga talang pang-edukasyon ng iyong anak kung naniniwala ka na hindi tumpak, nakapanloloko, o lumalabag ang mga ito sa mga karapatan sa pagkapribado ng iyong anak. Kung tumanggi ang distrito ng paaralan na gawin ang pagbabagong ito, may karapatan ka sa isang pagdinig para hamunin ang pagtanggap na ito.
14. Maghain ng nakasulat na karaingan alinsunod sa mga proseso sa karaingan o pagsunod ng distrito.
15. Humiling ng walang kinikilingan at wastong pagdinig kaugnay sa mga desisyon o mga aksiyon pagdating sa pagtukoy, pagsusuri, programang pang-edukasyon, at placement ng iyong anak.
16. Maghain ng reklamo sa U.S. Department of Education Office for Civil Rights, 915 Second Avenue, Room 301, Seattle, WA 98174-1099. Telepono (206) 607-1600 Facsimile (206) 607-1601.

Ang tao sa distrito na responsable para sa pagtiyak na sumusunod ang distrito sa Seksyon 504 ay si:

Cari Jacoby, EEO Officer
520 Fifth Avenue
Fairbanks, AK 99701
Telepono: (907) 452-2000, ext. 11466
Fax: (907) 452-3172
Email: cari.jacoby@k12northstar.org

Mga Karapatan ng
Magulang/Mag-aaral,
Pahina 2